
# TAYO NA AT MAGBASA



Mam Kim



## Bola

Ang bola ko sa
basketbol palagi
kong dinidribol.
Kasama ko si Bembol
ang aso kong
hahabol habol. Sa
tuwing ako ay
pupukol siya naman
ay tatahol.

*Mam Kim*



## Bitoy Baboy

Napakabibo ni Bitoy. Alaga naming baboy. Mahilig sa tawanan pati na sa habulan. Si Bitoy na magiliw na nakakaaliw.

*Mam Kim*



# Buko

Kapag ito ay hinati,
laman nito ay puti.
Tubig ay masarap
kapag iyong
malalasap.
Ito ay buko paborito
ng lolo ko.

*Mam Kim*



## Sombrero

Sombrero kong pula
ay biglang nawala.
Naalala ko pala, na
naiwan sa sala. Ito'y
aking binalikan at
aking nadatnan.
Sombrero kong pula
nakalapag sa upuan.

*Mam Kim*



## Talong

Talong na hugis ilong.
Sa katawan ay may
naitutulong.
Kalimitan pares ay
itlog.
Sigurado ikaw ay
bibilog.


*Mam Kim*



## Oro Orasan

Si Oro ang matalik
kung kaibigan.
Kaibigan kong
orasan.
Ginigising ako nang
maaga tuwing alas
otso ng umaga.

Mam Kim



# Espada

Ako ay may espada
bigay ng
engkantada. Sa
kuwento ako ang
bida, higante ang
kontrabida. Lagi
akong nakahanda.
Wala 'yang duda.

*Mam Kim*



## Sorbetes

Sorbetes sa mainit na
panahon, sa batang
umiiyak
nagpapapahinahon.
Sorbetes na
madaling matunaw
may tsokolate ube at
bughaw.

*Mam Kim*



# Tatay

Mahal ni Tinay ang kaniyang tatay. Matamis na halik ang kaniyang ibinalik. Sa bigay ng kaniyang tatay na mainit na tinapay.

Mam Kim



# Susi

Binuksan no Rosi ang sasakyan ni Josi. Gamit niya ang susi na binigay ni Tesi. Kinuha niya ang pisi na nasa loob ng kotse.

*Mam Kim*



# Timbangan

Sa aming tindahan
ginagamit ang
timbangan.
Sa bumibili ng bigas,
gulay at prutas.
Tamang kilo at bayad
na patas.

Mam Kim



## Matmat

Matmat ang batang
matapat.
Bunso sa kanilang
apat.
Siya ay matapat sa
lahat.

*Mam Kim*



# Ibon

Ibon na kulay bughaw, dumating uhaw na uhaw. Sa layo ng nilakbay, nagpahinga sa bahay. Nang ito ay lumakas agad na pumagaspas.

*Mam Kim*



# Tinapay

Kay sarap ng tinapay
luto ng aking tatay.
Ako ay nasasabik sa
kesong hitik na hitik.
Kapares ng mainit na
gatas na sa akin ay
nag papalakas.


*Mam Kim*




# Mainit na Kape

Masarap ang mainit na kape. Hinanda ni Lolo Pepe.
Sa antok ito ang mabisang kakampi sa malalim na gabi.

*Mam Kim*



## Laruang Barko

Bigay ito ni Kiko.
Maliit na laruang
barko.
Alam niyang ito ang
gusto ko kaya
niregalo niya sa
pasko.

Mam Kim



## Bok Manok

"Tok toga-ok" sambit
ni Bok Manok.
Manok sa may
bundok, abot sa
bayan ang kaniyang
pagtila-ok.

*Mam Kim*



## Dilaw na mga lobo

Lobo ko ay tatlo.
Kulay dilaw lahat ito.
Nabitiwan at
lumipad.
Hindi ko alam kung
saan napadpad.

*Mam Kim*



## Pulis

Pulis ang tatay ko.
Masasama sa kaniya
sumusuko. Sa iba
siya ay simpleng
kawani ngunit sa
amin siya ay bayani.

*Mam Kim*



# Keyk

Sa aking kaarawan dumalo ang aking kaibigan. Ang keyk na luto ni ate ay aking hinati. Ang lahat na binigyan ay nasasarapan matapos matikman.

*Mam Kim*



# Kendi

Matatamis na Kendi
ang gusto ni Wendy.
Hilig din ito ni Donde
at kapatid na si
Randy.

Mam Kim



# Mais

Mais na may tamis
tinanim sa matinding
pagod pawis.
Mais na kay sarap
kinakain ng
mayaman at
mahirap.

*Mam Kim*



# Rod Uod

Nakita ko si Rod ang alaga kong uod. Gumagapang sa may bato, mukhang naghahanap ng makakain ito. Kinuha ko at nilipat gamit ang patpat.

*Mam Kim*



# Sawa Palatawa

May kilala akong
sawa na laging
nakatawa. Ang
sawang palatawa ay
marunong palang
maawa, sa batang
nagulat nya.

*Mam Kim*



# Narra

Puno ng Narra ay
napakatibay.
Minsan ginawa itong
bahay.
Malaki at matayog,
Malakas man na
bagyo ang umalog.


*Mam Kim*



# Manong Tipaklong

Si Manong Tipaklong
sa bato ay
nakapatong.
Nahuli ni Pong at sa
dahon ipinatong.

*Mam Kim*



## Dida Isda

Masaya palagi si
Dida. Sa karagatan
kasama ni Barakuda.
Sa lahat ng mga isda
siya ang bida.
Kalaro palagi si Dilis
na sobrang bilis.


*Mam Kim*



## Gitara

**Gitara ang aking hilig.**
**Gumagawa ako ng magagandang himig.**


*Mam Kim*



# Gunting

Kakaiba itong si
Enteng na may
angking galing.
Gamit ang kanyang
gunting na may
anting-anting.

*Mam Kim*




# Gatas

Ako ay malakas
dahil sa iniinom kong
gatas.
Nagpapatibay sa
aking buto.
Sa pag-aaral madali
akong matuto.

*Mam Kim*